# THE TAMARAO JOURNAL


## WHAT'S INSIDE?


3 TUTOK KALINGA SUPPLEMENTARY FEEDING PROGRAM: KUSINA NG TAUMBAYAN CLUSTER 3



VOLUME 3 No. 28 May 20, 2024 - May 26, 2024


# PAGPAPALAKAS NG AGRIKULTURA SA CALAPAN:

## *PAMIMIGAY NG BINHI SA MGA MAGSASAKA*



PINANGUNAHAN ng masipag na mayor ng Calapan, si City Mayor Malou Flores-Morillo katuwang ang City Agricultural Services Department ang pamimigay ng 420 bags ng long ping, jackpot seed, at inbred seed para sa 190 magsasaka na kabilang sa Biga Farmers Association noong ika-20 ng Mayo 2024.

Katuwang ni Mayor Morillo sa ginawang aktibidad sina Chief of Staff Mr. Joseph Umali, Ms. Mylene De Jesus at Ms. Agatha Ilano. Ang kaganapang ito ay sumasalamin sa patuloy na pagsisikap ng lokal na pamahalaan na palakasin ang sektor ng agrikultura sa lungsod.

Ayon kay Mayor Morillo, ang layunin ng pamimigay ay hindi lamang upang suportahan ang mga magsasaka sa kanilang produksyon kundi pati na rin upang hikayatin ang kooperasyon at pagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang asosasyon ng magsasaka. Naniniwala si Mayor Morillo na sa pamamagitan ng pagkakaisa at suporta mula sa pamahalaan, mas mapapalago ang agrikultura at mas mapapabuti ang kabuhayan ng mga magsasaka (Jermae D. Tuyor/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
**PUBLISHER**

RUEL T. LANDICHO
**PUBLISHER/ OWNER**

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
**EDITOR IN CHIEF**

MARIA GLENDA LANDICHO
**OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER**

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
**STAFF WRITERS**

MARCUS A. NEGADO
**LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN**

REYMUND AL USSAM
**LEGAL CONSULTANT**

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM ISSN No. 2984-7249




TINGNAN: Mistulang pamprobinsyang street dancing ang naging pagtatanghal ng mga kalahok nito mula sa pitong sitio ng barangay Adrialuna, Naujan noong Mayo 15 na kung saan makikita sa kanilang magagandang kasuotan at props ang representasyon ng pangunahing pinagkukunan ng ikinabubuhay ng mga ito, ang pagsasaka.

Ang gawaing ito ay bahagi ng pagdiriwang ng kanilang kapistahan hatid ng pamunuan ng naturang barangay at ni Governor Humerlito *"Bonz"* Dolor bilang Hermano Mayor. (PIO Calapan)





MRAA 2024 UPDATE: Nagsilbing inspirasyon sa mga manlalarong kabataang Mindoreno ang pagbabahagi ni Gobernador Bonz Dolor ng kanyang mga nakalatag na plano para sa Oriental Mindoro Sports Complex na nasa Barangay Santiago, Naujan at sa mga benepisyong nakalaan pa para sa mga Mindorenong atleta sa ginanap na Welcome Party sa mga atleta bilang paghahanda sa MIMAROPA Regional Athletic Association (MRAA) meet sa lalawigan noong Mayo 25 -28.

Ibinigay ng Punong Lalawigan ang kanyang pangako sa mga atletang Mindoreno noong Palarong Panlalawigan na tig-P1,000 sa bawat gintong maiiuwi nila mula sa naturang palaro.


Ibinalita rin nito na nilagdaan na niya ang ordinansa na nagdadagdag ng cash incentive sa mga manlalarong Mindoreno na makakakuha ng gold, silver at bronze sa gaganapin naman ngayong MRAA sa lalawigan.

Ang hangaring masungkit ang kampeonato sa gaganaping MRAA ang kapwa ipinaabot naman sa kanilang mensahe nina Naujan Mayor Joel Teves at Pola Mayor Jennifer Cruz para sa mga atleta.

Sa naturang welcome party na dinaluhan din ng mga opisyal ng DepEd Oriental Mindoro at ilang punong tanggapan sa Kapitolyo, itinagubilin naman ni Schools Division Superintendent Ma. Luisa Servando sa mga atleta na panatilihin ang pagpapakita hindi lamang ngvgaling sa paglalaro kundi ng pagiging disiplinado ng mga ito bilang atleta.

Binubuo ang delegasyon ng Oriental Mindoro ng 453 manlalaro at 155 coaches. (PIO Calapan)




**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# TUTOK KALINGA SUPPLEMENTARY FEEDING PROGRAM: KUSINA NG TAUMBAYAN CLUSTER 3

SA pagsisikap na labanan ang malnutrisyon at mapabuti ang kalusugan ng mga kabataan, muling isinagawa ang *"Tutok Kalinga Supplementary Feeding Program"* sa Barangay Guinobatan noong ika-24 ng Mayo. Ang programang ito, na pinangunahan ni City Mayor Malou Flores-Morillo, ay naglalayong tugunan ang pangangailangan sa nutrisyon ng mga batang may edad 6 hanggang 60 buwan.

Ang butihing Mayor Morillo, kasama ang 12 barangay ng Cluster 3, ay nagtipon upang maghatid ng suporta sa mga 50 bata na mula sa mga barangay na sakop ng Cluster 3. Ang bawat isa ay nakatanggap ng masustansyang pagkain na inihanda ng City Health and Sanitation Department sa ilalim ng pamumuno ni Dr. Basilisa M. Llanto at City Nutrition Action Officer Ms. Glenda M. Raquepo, RN.

Samantala, pinasalamatan ni Mayor Morillo ang lahat ng katuwang sa proyektong ito, kabilang na ang mga Barangay Captain, BHW at BNS, Chief of Staff Mr. Joseph Umali at si Ms. Mylene De Jesus, na nagpakita ng kanilang walang sawang suporta at dedikasyon para sa kapakanan ng mga bata.

Sa pamamagitan ng mga programang tulad nito, ipinapakita ni Mayor Morillo at ng kanyang team ang kanilang matibay na pangako sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay sa kanilang lungsod (Jermae D. Tuyor/CIO).





# 2023 CBMS DATA TURNOVER CEREMONY, IDINAOS SA LUNGSOD NG CALAPAN

SA pagtutulungan ng City Government of Calapan, sa pamumuno ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, at Philippine Statistics Authority (PSA) – Oriental Mindoro, matagumpay na naidaos ang *"2023 Community-Based Monitoring System Data Turnover Ceremony"* na ginanap sa Calapan City Convention Center, noong ika-24 ng Mayo.

Pormal at opisyal na ipinasa ng PSA sa LGU ng Lungsod ng Calapan ang mga datos na nakalap nito mula sa mga mamamayan sa komunidad ng Calapan, sa ilalim ng 2023 CBMS na dumaan sa maayos na proseso at masusing pagsusuri.

Inaasahang magiging malaking tulong ang mga datos na nakalap, para maibigay ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, gayundin ng iba't ibang ahensya ng pamahalaan sa lungsod ang tamang tulong at programa, para sa mga residenteng mayroong pangangailangan.

Ipinakita rin sa nasabing pagtitipon ang Highlights of 2023 CBMS Results, CBMS Journey of Calapan City, gayundin ang mga plano at programa na mamamahala at gagamit ng data ng CBMS, ito ay sa pangunguna nina City Planning and Development Coordinator EnP. Joselito R. Bautista, Ms. Herchie T. Davalos (Senior Statistical Specialist, PSO Oriental Mindoro), at Mr. Melson B. Dilay (Designated City Statistician/SAO).

Dagdag pa rito, ginawaran din ng Plaque of Recognition, ang mga partner stakeholder at ang CBMS Data Processors, Map Data Processors, Map Data Reviewers, Shift Supervisors, at Head CAS, kung saan binigyang pugay at pasasalamat ang 26 na indibidwal na kasapi ng CBMS, kasama si CBMS Program Manager Mr. Deo Mar Francis F. Mauro.

Samantala, dumalo at nagpakita rin ng pagsuporta rito sina Provincial Planning and Development Coordinator EnP Lydia Muñeca S. Melgar, bilang kinatawan ni Governor Humerlito 'Bonz' A. Dolor, Ms. Maria Victoria J. Del Rosario, CSEE, (Provincial Director DILG-Oriental Mindoro), at Ms. Leni R. Rioflorido (Regional Director, PSA-MIMAROPA), Donna Marie D. Mobe (OIC-PSA-PSO OrMin) gayundin ang mga department/office head, program managers, mga barangay chairman at officials, at iba pang mga panauhing dignitaryo (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 28 May 20, 2024 - May 26, 2024

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013



# CELEBRATING THE CHAMPIONS

THE City Government of Calapan, under the esteemed leadership of City Mayor Malou Flores Morillo, proudly recognizes the remarkable achievements of Mindoreños and its local talents, who have brought honor and pride to the province and the city through their exceptional performances in various national competitions.

Baco's pride, Ms. Samantha Dana Bugos, a radiant beauty with a purpose, has been crowned Miss Philippines Earth-Water 2024, embodying the environmental advocacy and grace that the pageant stands for.

In the realm of athletics, Calapan's youth have shown that they are a force to be reckoned with, with Kyle Andrei Jacob sprinting his way into the Top 8 Finalist in the 400m event and Camille Joy M. Samalea as the Top 8 Finalist in the 100m dash. Not to be outdone, Ghenica M. Samalea showcased her endurance and strength by securing 2nd place in the 3000m U18 category in the recently held ICTSI Philippine Athletics Championships 2024 held at Philsports, Pasig City, on May 8–12, 2024. Behind these successes is the guidance and expertise of Coah Romel Rubico.

In recognition of their outstanding accomplishments, the City Government of Calapan has awarded a plaque of awards and a cash certificate as a token of appreciation for their hard work and as an investment in their continued pursuit of excellence. (Jermae D. Tuyor /CIO)

